

KANSER SA ATAY

Ang kanser sa atay ay isang uri ng kanser na nagsisimula sa atay. Nangyayari ang kanser kung hindi na makontrol ang mga selula sa katawan.

Tinataya ng American Cancer Society's na sa 2021, humigit-kumulang 42,230 (29,890 sa kalalakihan at 12,340 sa kababaihan) na mga bagong kaso ng kanser sa atay at kanser sa intrahepatic bile duct ay mada-diagnose sa Estados Unidos.

Isa ang atay sa pinakamalaking bahagi ng katawan. Inilalabas ng atay ang anumang masamang bagay na nasa dugo, gaya ng mga lason, at inaalis sila mula sa katawan.

MGA BILANG

- Ayon sa Office of Minority Health,
 - Noong 2019, ang malubhang sakit sa atay ay ang **ika-anim na sanhi ng kamatayan** para sa mga Asian American at Pacific Islander, 25-44 taong gulang.
 - Ang mga Asian American na kalalakihan ay 60 porsyentong mas malamang na mamatay mula sa kanser sa atay at IBD kung ikukumpara sa mga hindi Hispanic na puting kalalakihan.
 - Ang bilang ng insidente para sa kanser sa atay at IBD ay 1.8 na beses na mas mataas para sa Asian American na mga kababaihan kung ikukumpara sa mga hindi Hispanic na puting kababaihan.
- Ayon sa American Cancer Society, ang bilang ng mga kanser sa atay sa mga kalalaking Laotian at Vietnamese ay **2 hanggang 4 na beses na mas mataas** kaysa sa mga Tsino, Koreano, at Pilipinong mga kakalakihan. Ang bilang ng mga kanser sa atay sa mga kalalaking Laotian at Vietnamese ay **10 beses na mas mataas** kaysa sa mga kalalaking Asian Indian at Pakistani, na mayroong pinakamababang bilang.

MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS

Sa mga unang yugto, ang kanser sa atay ay maaaring hindi magkaroon ng mga nakikitang sintomas o nararamdaman. Gayunpaman, habang lumalaki ang kanser, baka mapansin ng mga tao ang isa o higit pa sa mga karaniwang sintomas na ito.

- Masamang pakiramdam sa itaas ng tiyan sa kanang bahagi
- Namamagang tiyan
- Isang matigas na bukol sa kanang bahagi sa ibaba lamang ng rib cage
- Panakit malapit sa kanang talim ng balikat o sa likod
- Jaundice (paninilaw ng balat at puti ng mata)
- Madaling magkapasa at pagdurugo
- Hindi karaniwang pagkapagod
- Pagkahilo at pagsusuka
- Kawalan ng ganang kumain
- Pagbaba ng timbang sa hindi malamang dahilan

MGA SALIK SA PANGANIB

- Pagkakaroon ng sobrang timbang o labis na katabaan
- Pagkakaroon ng pangmatagalang impeksyon sa Hepatitis B virus o Hepatitis C virus
- Paninigarilyo
- Pag-inom ng alak
- Pagkakaroon ng cirrhosis (pagkakapilat ng atay, na siya ding sanhi ng hepatitis at pag-inom ng de-alkohol na inumin)
- Pagkakaroon ng non-alkoholic fatty liver disease (sobrang taba sa atay na hindi dulot ng alak)
- Pagkakaroon ng diabetes o non-alkoholic fatty liver disease
- Pagkakaroon ng hemochromatosis, isang kondisyon kung saan ang katawan ay nakakakuha at nag-iimbak ng moreiron na kinakailangan nito
- Pagkain ng mga pagkaing mayroong aflatoxin (isang fungus na tumutubo sa pagkain, gaya ng mga butil at mani na hindi naiimbak ng maayos)

PAG-IWAS

- Panatilihin ang malusog na timbang
- Huwag manigarilyo, o tumigil kung ikaw ay naninigarilyo
- Iwasan ang pag-inom ng labis na alak
- Magpabakuna laban sa Hepatitis B
 - Inirekumenda ang bakuna sa Hepatitis B para sa lahat ng bagong silang na sanggol at para sa mga adultong maaaring nasa mataas na panganib
 - Ang Hepatitis B ay isang impeksyon sa atay na sanhi ng hepatitis B virus.
- Magpasuri para sa Hepatitis C, at kumuha ng pangangalagang medikal kung mayroon ka nito.
 - Ang Hepatitis C ay isang sakit sa atay na sanhi ng hepatitis C virus
 - Ang isang pagsusuri sa dugo na tinatawag na Hepatitis C antibody test ay makakapagsabi sa iyo kung nahawaan ka kamakailan o sa nakaraan



MGA SANGGUNIAN

- **American Cancer Society:**
 - cancer.org
- **National Cancer Institute:**
 - cancer.gov
- **Global Liver Institute:**
 - globalliver.org
- **U.S. Department of Veteran Affairs:**
 - hepatitis.va.gov
- **Hep B United**
 - hepbunited.org
- **'Imi Hale Native Hawaiian Cancer Network:**
 - imihale.org/education_materials.htm
- **California State University, Fullerton:**
 - wincart.fullerton.edu/cancer_edu/index.htm
- **Asian American Health Initiative:**
 - aahiinfo.org
- **Pacific Cancer Programs:**
 - pacificcancer.org
- **Asian American Cancer Support Network:**
 - aacsn.org



Mga palatandaan at Sintomas, Mga Salik sa Panganib, at Impormasyon sa Pag-iwas mula sa Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit